JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 6

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3:
## Pag-asa ang Dala ng Pagmamahal Ko sa Diyos



Pangalan ng Mag-aaral: ____________________

Baitang at Pangkat: ____________________

Pangalan ng Paaralan: ____________________



# Alamin

Ang taong may positibong pananaw ay nag-iisip na kaya niyang gawin ang isang bagay. Palagi niyang isinasaisip na may pag-asa anuman ang sitwasyon. Subalit, minsan namamayani ang pagkamakasarili makamit lamang ang ambisyon. Nakakalimutan ang kapwa ay nasasaktan na.

Ang pagmamahal sa kapwa ay pagmamahal sa Diyos. Naipapakita ito sa pagmamalasakit, pagrespeto at paggalang sa kanila. Ang pagpapakita at pagpaparamdam na sila ay mahalaga ay nangangahulugan na mahal mo sila at hindi mo hahayaan na masaktan.

Mahalaga ang pagkakaroon ng positibong pananaw at pag-asa ngunit nangangailangan itong isabuhay nang may pagmamahal. Sa modyul na ito, pag-aaralan natin kung papaano maisasabuhay ang pagkakaroon ng positibong pananaw, pag-asa at pagmamahal sa Diyos at sa kapwa.

**Pamantayan sa Pagkatuto**

Napatutunayan na nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad. Hal. pagpapaliwanag na ispiritwalidad ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao anuman ang paniniwala; pagkakaroon ng positibong pananaw, pag-asa, at pagmamahal sa kapwa at Diyos. **EsP6PD- IVa-i–16**

- Naisasabuhay ang positibong pananaw, pag-asa at pagmamahal sa Diyos at kapwa.



# Subukin

**Panuto:** Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa patlang bago ang bilang.

______1. Dahil sa epidemya, nahihirapan sa transportasyon ang pamilya ni Josef kaya pinangarap nilang bumili ng motorsiklo.

Ano ang dapat nilang gawin para matupad ito?

A. Mangutang ng pera sa mga kamag-anak.
B. Magsipag sa trabaho at magtipid para makaipon.
C. Tataya sa lotto araw-araw baka swertehin at manalo.
D. Manglilimos ang lahat ng kasapi ng pamilya sa daan para makaipon ng pera

______2. Si Yuan ay masayahing bata at may magandang pananaw sa hinaharap. Hinaharap niya ang mga problema na may pag-asa na mahahanapan niya ito ng solusyon.

Ano ang katangiang ipinapakita ni Yuan?

A. may takot sa Diyos
B. matulungin sa kapwa
C. may positibong pananaw
D. walang pakialam

______3. Paano tayo nagpapakita ng pagmamahal sa kapwa?

A. Pagtulong sa mga nangangailangan.
B. Pagbigay ng mga bagay na sobra-sobra sa atin.
C. Pagbibigay ng malasakit sa kapwa.
D. Lahat ng nabanggit

______4. Bakit mahalagang mahalin at pahalagahan ang ating kapwa?

A. Nang sila ay manghihinayang na awayin tayo.
B. Para maging obligado silang tumulong sa atin sa oras ng kagipitan.
C. Sapagkat nagangahulugan itong marami tayong kaibigan at kakilala.
D. Upang maparamdam rin natin sa Diyos ang ating pagmamahal sa kanya

______5. Nais ni Gian na makasamang makakuha ng karangalan sa kanilang klase kaya nagsisipag siya sa pag-aaral at araw-araw rin niyang ipinagdarasal ang pangarap niyang ito.

Matutupad kaya niya ang kanyang pangarap?

A. Oo, dahil sa kanyang kasipagan, maaawa ang kanyang guro.
B. Oo, dahil gumagawa siya ng paraan na matupad ang kanyang pangarap.
C. Hindi, dahil walang halaga ang kanyang pagsusumikap.
D. Marahil, dahil masunurin siyang bata.

______6. Paano natin maipaparamdam sa Diyos ang pagmamahal natin sa kanya?

A. Pagtulungang tuksuhin ang mga kaklaseng walang sagot ang modyuls
B. Pupunta sa simbahan para makapaglaro kasama ang mga kaibigan
C. Tulungan ang mga nangangailangan tulad ng mga apektado ng sakuna
D. Pakopyahin ng sagot ang mga kaklaseng di nasagutan ang modyuls

______7. May malubhang karamdaman ang nanay ni Camille. Marami ng doctor ang tumingin sa kanyang kondisyon ngunit hindi pa rin gumagaling.

Kung ikaw ang nasa sitwasyon ni Camille, ano ang iyong gawin?

A. Iiyak at hindi na papasok sa paraalan.
B. Manglilimos sa daan para may maiabot na tulong sa kanya.
C. Aalalayan siya at ipagdarasal palagi ang kanyang kondisyon.
D. Hahayaan na lamang at hindi papansinin ang kanyang kalagayan.

______8. Natanggal sa trabaho ang nanay ni James dahil sa pandemya. Napagdesisyonan nila ng kanyang ama na sa ibang bansa na lamang magtatrabaho dahil mas malaki ang sahod at kikitain niya doon.

Kung ikaw si James, ano ang gagawin mo?

A. Hindi na papansinin ang mga magulang.
B. Susuportahan ang ina at siya ay ipagdarasal palagi
C. Aalis ng bahay para hindi matuloy ang pag-alis.
D. Hindi sasagutan ang mga modyuls para babagsak sa klase.

______9. Isa ang Catanduanes sa mga lugar na nagtamo ng labis na pinsalang dala ni Bagyong Rolly.

Sino sa pamilyang ito ang may positibong pananaw sa buhay?

A. Naglabas ng galit ang pamilya ni Rey laban sa pamahalaan dahil hindi nakarating sa kanila ang babala na parating na ang bagyo
B. Nagsisihan ang pamilya ni Vash kung bakit sa Cagayan sila nagpatayo ng bahay na may iba pa namang mapagpipilian.
C. Umiiyak at tulala ang pamilya ni Joanne dahil hindi nila matanggap ang nangyari sa kanila.
D. Kinuha ng pamilya ni Karen ang mga gamit na pwede pang gamitin at naghanap ng lugar na maaring pansamantalang matitirhan.

______10. Nakita ni Peter na mababa ang nakuha niyang marka sa unang set ng mga modyuls.

Kung ikaw ang nasa kanyang sitwasyon, ano ang iyong gagawin?

A. Hindi na sasagutan ang susunod na mga modyuls

B. Kakausapin ang guro at magmamakaawang taasan ang iskor

C. Pupunta sa paaralan at tumulong magtsek para mapalitan ang iskor

D. Aayusin at mas pagbubutihin ang pagsagot sa mga susunod na modyuls

| Modyul 3 | "Pag-asa ang Dala ng Pagmamahal Ko sa Diyos" |
| --- | --- |



# Balikan

Sa nagdaang modyul, natutunan mo kung papaano maisabuhay ang pananalig sa Diyos at nailarawan mo rin ang mga panrelihiyong pagdiriwang at gawain. Sa gawaing ito, babalikan natin ang iyong mga natutunan.

**Panuto:** Isulat ang salitang **TAMA** kung ang pangungusap ay naglalarawan ng panrelihiyong gawain o nagpapakita ng pananalig sa Diyos at **MALI**, kung hindi.

______1. Makikilahok sa mga gawain sa inyong simbahan.

______2. Iginagalang ang pananalig ng ibang tao.

______3. Tatangging tumulong sa ibang tao kapag sila ay kabilang sa ibang relihiyon.

______4. Iisa lamang ang relihiyon ng lahat ng tao sa buong mundo.

______5. Pinapatawad mo ang taong nakasakit sa iyong damdamin.



# Tuklasin

**Gawain 1: Ako’y Makata, Babasahin ko ang Tula**
**Panuto:** Basahin at unawain ang mensahe ng tula.

**PAG-ASA ANG KANYANG DALA**

Araw-araw aking hinihintay,
Katapusan ng pagsubok sa buhay.
Ngunit pag-aantay, tila’y walang saysay.
Sulirani’y dumarating pa ng sabay-sabay.

Minsan ako’y napapaisip,
Baka ako lamang ay nananaginip.
Ngunit, ako’y gising at ramdam ang sakit.
Sa sitwasyong ‘kay pait, sino ang sasagip?

Aking naalala, Siya na pag-asa ang laging dala.
Ako’y lumuhod at ipinagdasal aking mga daing ng taimtim.
Panginoon, bagyo, lindol, baha at COVID ‘19,
Ilayo sa amin at huwag sanang pagsabayin.

Ako’y nasa ika-anim na baitang pa lamang.
Pag-aaral ko ngayon ay mahirap man,
Ngunit, sa iyong gabay at pag-asang bigay,
Ako’y napapanatag at nahihikayat abutin ang tagumpay.

Pangarap ko’y matulungan aking mga kapatid at magulang.
Positibo aking pananaw nang sa mga suliranin at laban ako’y di bibitaw.
‘O kaysarap sa pakiramdam na ika’y kausap.
Natatanggal lahat ng aking pagkabahala sa hinaharap.

Panginoon, batid ko ang pagmamahal mong walang hanggan.
Ika’y nagbibigay ng lakas ng loob, pag-asa at kapanatagan.
Parating andiyan at laging handang sagutin aking mga daing.
Bilang pasasalamat, kapwa ko’y laging aking igagalang at mamahalin.
***

**Gawain 2: “Sagutin Mo”**

**Panuto:** Sagutin ang sumusunod na pamprosesong mga tanong:

1. Anu-ano ang mga suliraning nabanggit sa tula? ________________________

   ________________________________________________________________ .

2. Kanino humingi ng tulong ang may-akda? ______________________________

   ________________________________________________________________ .

3. Paano niya ipaparamdam ang pasasalamat sa tumulong sa kanya? ________
   ______________________________________________________________ .
4. Kung ikaw ang may-akda, ano ang iyong gagawin kapag ikaw ay kumakaharap ng mga suliranin? Bakit? ________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________ .
5. Bakit kailangang magkaroon ng positibong pananaw sa pagkamit ng iyong mga pangarap o ambisyon? ________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________ .



# Suriin

Tandaan!

Ang isang taong may positibong pananaw ay naniniwala na ang lahat ng problema ay may solusyon. Sa pamamagitan ng pagdarasal, makakakuha tayo ng lakas ng loob para harapin ang mga suliranin sa araw-araw at pag-asang makamit ang ating mga pangarap. Hindi ito mahirap makamtam kung tayo ay may pagmamahal sa Diyos at sa ating kapwa.

Ang Diyos ay likas na mahabagin. Tinulungan niya ang lahat ng nagmamahal at humihingi ng tulong sa kanya sa magkaibang paraan. Maipapakita natin ang pagmamahal sa Diyos sa tuwing minamahal at tinulungan natin ang ating kapwa. Ang paggalang, pagtulong at pagmamalasakit sa kapwa ay pagpapakita ng pagmamahal sa kanila. Sinasabing sa tuwing gumagawa tayo ng kabutihan sa ating kapwa, ito'y batid ng  Diyos at ito ay kanyang ikanatutuwa.

Subalit, sa kagustuhang makamit kaagad ang pinapangarap, lumalabas ang masasamang ugali. Naging makasarili, mainggitin at mapagmaliit sa kapwa. Sinasabing ang ganitong uri ng tao ay nagkakaroon ng maraming kaaway kaya hindi rin nakakamit ang ganap na kaligayahan. Maiiwasan sana ito kung isinasabuhay ang pagmamahal sa Diyos.

Kung maisasabuhay natin ang pagkakaroon ng positibong pananaw, pag-asa at pagmamahal sa Diyos at sa kapwa, hindi tayo mahihirapang harapin ang mga hamon sa buhay at abutin ang ating mga pangarap.



# Pagyamanin

**Gawain: “Mahal ko ang Kapwa ko”**

**Panuto:** Kumpletuhin ang graphic organizer. Isulat sa patlang sa loob ng mga kahon ang mga halimbawa ng mga paraan o sitwasyong nagpapakita ng pagsasabuhay sa pagmamahal sa Diyos at sa kapwa.

Paano mo maisasabuhay ang pagmamahal mo sa Diyos at sa iyong Kapwa?



# Isaisip

**Gawain 1: “Kumpletuhin Ako”**

**Panuto:** Kumpletuhin ang talata. Punan ng tamang sagot ang mga patlang. Piliin ang mga sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| pagdarasal | pag-asa | pagmamahal sa kapwa |
| Diyos | isabuhay | positibong pananaw |

Laging nasa isip ng isang taong mayroong ____________________ na ang lahat ng problema ay may solusyon. Hindi siya nawawalan ng ____________________ na makamit ang kanyang mga pangarap. Siya ay maaaring humingi ng tulong sa Panginoon sa pamamagitan ng ____________________. Ang pagmamahal sa kapwa ay pagmamahal rin sa ____________________.

Ang pagkakaroon ng positibong pananaw, pag-asa at pagmamahal sa Diyos at sa kapwa ay nararapat na ____________________.

**Gawain 2: “Pusuan Mo”**

**Panuto:** Iguhit ang hugis puso (♡) sa patlang bago ang bilang kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng pag-asa o positibong pananaw at ekis ( **X** ) kung hindi.

______1. Taimtim na ipinagdasal ni Kyle ang mabilis na paggaling ng kanyang ina.

______2. Hindi sinagutan ni Diane ang kanyang modyul dahil wala ang kanyang mga magulang.

______3. Nag-aaral ng mabuti si Maccine dahil gusto niyang maging magaling na doctor.

______4. Nagpapasalamat sa biyayang natanggap ang pamilya ni Zaijan bago kumain.

______5. Tumigil sa pag-aaral si Precious dahil inilipat sya sa pampublikong paaralan ng kanyang mga magulang.




# Isagawa

**Gawain: “Fill Me”**

**Panuto:** Punan ng sagot ang diagram. Sundin ang sumusunod na patnubay:

1. Magbigay ng isang suliranin o pagsubok na iyong kinakaharap. Isulat ito sa loob ng bilog.
2. Sumulat ng tatlong paraan para malutas ang suliraning sagot sa #1. Isulat sa kahon ang sagot
3. Isulat sa mga parihaba (rectangles) ang mga maaaring tumulong para malutas ang iyong mga suliranin.
4. Isulat sa hugis puso ang maikling dasal para malampasan ang pagsubok o suliranin na kinakaharap.





# Tayahin

**Panuto:** Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa patlang bago ang bilang.

______1. Anong katangiang taglay ng isang taong naniniwala na ang lahat ng problema ay may solusyon?

A. busilak na puso
B. may positibong pananaw
C. may takot sa Diyos
D. malikhain

______2. Ang nanay ni Beth ay may malubhang karamdaman. Ayon sa mga doctor ay wala pang natutuklasang lunas para dito.

Ano ang dapat niyang gawin?

A. Isusumbong sa police ang mga doctor dahil hindi ginamot ang kanyang ina.
B. Magmamakaawa sa doctor para hanapan siya ng gamot.
C. Hiyakatin ang pamilya at kaibigan na ipagdasal ang kanyang kondisyon.
D. Hahayaan na lamang at hindi papansinin ang kanyang kalagayan.

______3. Bakit mahalagang mahalin at pahalagahan ang ating kapwa?

A. Upang maparamdam natin sa Diyos ang ating pagmamahal sa kanya
B. Nang sila ay manghihinayang na awayin tayo.
C. Para maging obligado silang tumulong sa atin sa oras ng kagipitan.
D. Sapagkat nagangahulugan itong marami tayong kaibigan at kakilala.

______4. Sa pagkakataong makagagawa ng mabuti sa iyo ang ibang tao, alin ang pinakamabuting gawin para mapasalamatan sila?

A. Bibilhan ng regalo at ipamalita sa ibang tao
B. Ipagsasa-Diyos na lang ang pasasalamat sa kanila.
C. Ipapahayag ang pasasalamat sa kanilang mga ginagawang tulong.
D. Hindi magpapasalamat dahil obligasyon naman nila ang tumulong.

______5. Nakakuha ng mababang iskor si Paul sa modyuls na isinauli ng guro.

Kung ikaw si Paul, ano ang iyong gagawin?

A. Titigil sa pag-aaral at tutulong na lamang sa mga gawaing bahay
B. Kakausapin ang guro at magmamakaawang taasan ang iskor
C. Pupunta sa paaralan at tumulong magtsek para mapalitan ang iskor
D. Aayusin at mas pagbubutihin ang pagsagot sa mga susunod na modyuls

______6. Ano ang pinakamabuti mong gagawin kung ikaw ay nahihirapang sagutan ang iyong modyuls?

A. Ipapasa na walang sagot.
B. Magchat sa mga kaklase at kaibigan para humingi ng sagot.
C. Itatago at ipapaalam sa guro na nawawala ang mga modyuls na ito.
D. Hihingi ng tulong at gabay sa magulang, kapatid o kakilala.

______7. Sa isang BSP camporal, sino sa mga iskawts ang nagpakita ng pagmamahal sa kapwa?

A. Tinago ni Clyde ang sapatos at flashlight ng kanyang kaibigan para hindi makasali sa panggabing activity.
B. Nagtatago sina Francis at Miguel sa kanilang tent dahil tinatamad silang makilahok sa mga gawain.
C. Lumipat sa ibang pangkat si Jayden dahil mas magagaling ang mga kasapi nito kaysa sa kanyang mga grupo.
D. Hindi iniwanan at tinulungan ni Mark ang kanyang mga kagrupong nahihirapang isagawa ang task.

______8. Nagpaalam ang nanay ni Sam sa kanya na pupunta sa Dubai para doon na magtrabaho dahil mas malaki ang sahod at kikitain niya doon.

Kung ikaw si Sam, alin ang gagawin mo?

A. Iiyak ng malakas para hindi na aalis ang nanay.
B. Susuportahan ang ina at siya ay ipagdarasal palagi
C. Aalis ng bahay para hindi matuloy ang pag-alis.
D. Hindi sasagutan ang mga modyuls para babagsak sa klase.

______9. Nais ni Angel na maging iskolar upang makatulong sa kanyang magulang. Pinagbubutihan niya ang kanyang pag-aaral. Lagi niyang ginagawa ang kanyang takdang-aralin, mga proyekto sa bawat aralin at sinasagutan niya rin ng maayos ang kanyang mga modyuls. Araw-araw rin niyang ipinagdarasal ang pangarap niyang ito.

Matutupad kaya niya ang kanyang pangarap?
A. Oo, dahil gumagawa siya ng paraan na matupad ang kanyang pangarap.
B. Oo, dahil sa kanyang kasipagan, sisikat siya sa facebook at magtetrending.
C. Hindi, dahil walang halaga ang kanyang pagsusumikap.
D. Hindi, dahil ipinagbabawal maging iskolar ang mga mahihirap.

______10. Isa ang Cagayan Valley sa mga lugar na nagtamo ng labis na pinsalang dala ni Bagyong Ulysses.
Sino sa pamilyang ito ang may positibong pananaw sa buhay?
A. Kinuha ng pamilya ni Mang Andres ang natira sa kanilang mga kagamitan at naghanap kaagad ng lugar na maaring pansamantalang matitirhan.
B. Nagsisihan ang pamilya ni Mang Pedring kung bakit sa Cagayan sila nagpatayo ng bahay na may iba pa namang mapagpipilian.
C. Nagmumukmok at tulala ang pamilya ni Mang Julian dahil hindi nila matanggap ang nangyari sa kanila.
D. Sumali sa protesta ang pamilya ni Mang Ricardo laban sa pamahalaan dahil hindi nakarating sa kanila ang babala na parating na ang bagyo

# Sanggunian


Department of Education. “Most Essential Learning Competencies”. Accessed: November 26, 2020. https://commons.deped.gov.ph/K-to-12-MELCS-with-CG-Codes.pdf

Ylarde, Zenaida R. and Gloria A. Peralta. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon Batayang Aklat,* edited by Gloria A. Peralta. Quezon: Vibal Group Inc., 2016, 138-143.



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Catleya Jean T. Llorente
Ipil Special Education Center
Ipil, Zamboanga Sibugay

Editor: Catleya Jean T. Llorente
Shariffa Nur-Raizzah Jeanibvive H. Mohammad

Tagasuri:
Mona Lisa M. Babiera, Ed.D - EPS
*Education Program Supervisor*

Tagapamahala:
Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A.Santisas
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*